

The Parent and Family Engagement Connection

(Ang Koneksiyon ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya)
Tahanan at Paaralan

"Sama-Sama Tayong Makakagawa ng Pagbabago"



Ang Inisyatiba sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya sa Buong Estado, ang Ahensiya sa Edukasyon ng Texas, at ang mga miyembro ng Lupon ng Tagapayo sa Kumperensya sa Pakikilahok ng Magulang ay masigasig na nagtrabaho sa Maging Liwanag (Be a Light)" na Kumperensya sa Pakikilahok ng Magulang sa 2022 na naganap noong Disyembre 8 hanggang Disyembre 10 sa Frisco, Texas. Isang malaking tagumpay ang kaganapan, na may maraming positibong feedback dahil sa pagsusumikap at dedikasyon ng lahat. Umaasa kaming nakakuha ang lahat ng dumalo ng kapaki-pakinabang na kaalaman at mga tool na maaari nilang dalhin pabalik sa kanilang mga paaralan, distrito, at komunidad.

Gusto ka naming anyayahan na dumalo sa Kumperensya sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya sa susunod na taon sa Oktubre 4 hanggang Oktubre 6, 2023 sa Corpus Christi, Texas. Maaari nating "I-navigate ang Hinaharap" sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga magulang, pamilya, miyembro ng komunidad, at tagaturo para sa pinagsamang layunin ng pagpapahusay ng tagumpay ng mag-aaral. Iniimbitahan ang mga magulang na dumalo sa kumperensya, kaya makipag-usap sa isang kinatawan sa iyong Titulo I na paaralan tungkol sa kung paano dumalo gamit ang mga pederal na pondo.



MGA PAPARATING

NA KAGANAPAN

- ◇ **LIVE na Expo sa Mga Pinakamahusay na Kasanayan sa Pebrero 28-Marso 1, 2023 sa McAllen, Texas**
Magparehistro dito: www.esc16expolive.com
- ◇ **Virtual na Mga Expo sa Mga Pinakamahusay na Kasanayan sa Marso 23, 2023 at Abril 20, 2023 (LIBRE)**
Magparehistro dito: https://www.escweb.net/tx_r16/catalog/session.aspx?session_id=935879

TIMELINE PARA SA SENIOR

Mahahalagang Petsa para sa iyong High School Senior

PEBRERO

- Panatilihin ang matataas na akademikong marka. Susuriin ng mga kolehiyo ang mga marka sa semestre ng tagsibol!
- Magpatuloy sa pagsasaliksik ng at pag-a-apply para sa mga scholarship.
- Tingnan ang listahan ng scholarship dahil maraming scholarship ang may mga deadline sa Pebrero at Marso.

MARSO

- Maingat na suriin ang mga desisyon sa pagpasok sa kolehiyo kapag dumating ang mga ito.
- Bisitahin muli ang campus kung kinakailangan.
- Magparehistro para kumuha ng pagsusulit sa TSI kung hindi mo ito kinuha sa iyong Junior year ng HS.
- Kinakailangan ito para sa iyong dalawa o apat na taong pampublikong kolehiyo sa Texas.
- Maaaring hindi kasama sa TSI ang mga mag-aaral na may ilang partikular na kredensyal. Kumonsulta sa iyong kolehiyo para sa mga detalye.
- Sumangguni sa website ng kolehiyo para sa mga kinakailangan o makipag-usap sa iyong tagapayo kung mayroon kang mga tanong.
- Magpatuloy sa pagsasaliksik ng at pag-a-apply para sa mga scholarship.
- Dapat kang makatanggap ng mga desisyon sa pagpasok at alok ng tulong sa pananalapi sa Abril.
- Makipag-ugnayan sa (mga) tanggapan para sa tulong sa pananalapi ng kolehiyo para sa mga tanong.

Para magpalista sa militar, may ilang pangunahing kinakailangan:

(<https://www.military.com/join-armed-forces/join-the-military-basic-eligibility.html>)

- Dapat isa kang mamamayan ng U.S. o residenteng dayuhan.
- Dapat hindi bababa sa 17 taong gulang ang iyong edad (nangangailangan ng pahintulot ng magulang ang mga aplikanteng 17 taong gulang).
- Dapat mayroon kang (nang may napakakaunting pagbubukod) diploma sa high school.
- Dapat kang pumasa sa isang pisikal na eksaminasyong pang-medikal.
- Para sa bawat sangay, may bahagyang magkakaibang mga kinakailangan sa pagpapalista:

MGA KINAKAILANGAN NG SANGAY MILITAR

Hukbong Panghimpapawid

- Dapat nasa pagitan ng edad na 17-39 na taon
- Hindi hihigit sa dalawa ang dependent
- Ipasa ang pagsusulit sa Bokasyonal na Baterya sa Kakayahan ng Mga Armadong Serbisyo (Armed Services Vocational Aptitude Battery). (ASVAB) (Minimum na marka sa AFQT: 36)

Hukbong Sandatahan

- Dapat nasa pagitan ng edad na 17-35 taon
- Hindi hihigit sa dalawa ang dependent
- Ipasa ang pagsusulit sa Bokasyonal na Baterya sa Kakayahan ng Mga Armadong Serbisyo (Armed Services Vocational Aptitude Battery). (Minimum na marka sa AFQT: 31)

Coast Guard

- Dapat nasa pagitan ng edad na 17-27 taon
- Hindi hihigit sa dalawa ang dependent
- Ipasa ang pagsusulit sa Bokasyonal na Baterya sa Kakayahan ng Mga Armadong Serbisyo (Armed Services Vocational Aptitude Battery). (Minimum na marka sa AFQT: 40)
- Magkaroon ng bukas na kaloobang maglingkod sa ibabaw o sa paligid ng tubig.

Marines

- Matugunan ang mahigpit na pisikal, pangkaisipan at moral na mga pamantayan
- Dapat nasa pagitan ng edad na 17-28 taon
- Ipasa ang pagsusulit sa Bokasyonal na Baterya sa Kakayahan ng Mga Armadong Serbisyo (Armed Services Vocational Aptitude Battery). (Minimum na marka sa AFQT: 32)

Hukbong-Dagat

- Dapat nasa pagitan ng edad na 17-34 taon
- Ipasa ang pagsusulit sa Bokasyonal na Baterya sa Kakayahan ng Mga Armadong Serbisyo (Armed Services Vocational Aptitude Battery, ASVAB). (Minimum na marka sa AFQT: 35)





Naniniwala ang Ahensiya sa Edukasyon ng Texas (Texas Education Agency, TEA) na ang makabuluhang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga paaralan, pamilya, at komunidad ang pundasyon ng mga epektibong paaralan at kritikal sa pang-edukasyong kapakanan ng isang bata. Higit itong nakabatay sa paniniwalang nagtutulungan bilang ganap na magkatuwang ang mga magulang, pamilya, tagaturo, at miyembro ng komunidad, pinananagot nila ang kanilang sarili sa isa't isa, at may kaalaman, kasanayan, at kumpiyansa sila para makamit ang tagumpay para sa lahat ng mag-aaral.

Kahulugan ng Pakikipag-ugnayan ng Pamilya ng Estado

Nagtutulungan ang mga pamilya, miyembro ng komunidad, at tagaturo sa isang pantay at magalang na pakikipagtulungan para lumikha at magbigay ng mabisang suporta sa buong sistema para sa pag-aaral at pag-unlad ng mag-aaral mula sa maagang pagkabata hanggang sa kolehiyo, career, o militar.

Bisyon sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya ng Estado

Para isulong ang tagumpay ng mag-aaral, ang Mga Lokal na Ahensiya sa Edukasyon (Local Education Agency, LEA), na may tulong mula sa TEA at Mga Sentro ng Serbisyong Pang-edukasyon (Education Service Center, ESC), ay ihahanay ang misyon, mga layunin at pinahahalagahan at gagamitin ang mga available na mapagkukunan para makisali, magbigay ng lakas, at suportahan ang mga pamilya sa lahat ng antas ng pinagmulan habang natututo silang i-navigate ang sistema ng edukasyon. Nangangailangan ang isang positibong kultura ng paaralan ng maagap at mapagtugon na mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral at kinabibilangan ito ng mga pamilya at komunidad.

Bisyon ng Lupon ng Edukasyon ng Estado

Pinagtibay ng TEA ang mga pahayag ng bisyon na ito para sa Pakikipag-ugnayan ng at Pagbibigay-Lakas sa Pamilya mula sa Pangmalayuang Plano para sa Pamublikong Edukasyon ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.

- Magkakaroon ang Texas ng sistema ng edukasyon at kultura ng pagtitiwala na tinatanggap at pinahahalagahan ang bawat pamilya bilang aktibong kasosyo sa pamamagitan ng pagbuo ng mga ugnayan.
- Pahahalagahan at tatanggapin sa proseso ang lahat ng kultura na nakikipag-ugnayan sa sistema ng edukasyon para sa tagumpay ng mag-aaral.
- Ganap na gagamitin ang lahat ng available na paraan ng komunikasyon para makisali, magbigay-lakas, at makipag-ugnayan sa lahat ng stakeholder.
- Magkakaroon ang TEA at mga distrito ng paaralan ng mga sistema at mapagkukunan para makisali, magbigay-lakas, at masuportahan ang mga pamilya habang naglalakbay sila sa masalimuot na proseso ng edukasyon.

Mga Panggabay na Prinsipyo

Kapag nakikibahagi ang mga pamilya sa pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral, bumubuti ang pag-aaral. Nakatuon ang TEA sa pag-uugnay ng mga pagsisikap sa mga paaralan, magulang, at pinuno ng komunidad at susuportahan nito ang mga LEA sa:

- Pagbuo ng kakayahan ng mga magulang, pamilya, komunidad, at tagaturo;
- Pagpapanatili ng regular na magkabilaang komunikasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan;
- Pagbuo ng mga ugnayan sa mga magulang at pamilya bilang mga kasosyo sa pagpapalano at paggawa ng desisyon;
- Paglikha ng mga sistematikong proseso para sa pagtatasa ng mga pangangailangan, pagbuo ng programa, at patuloy na pagpapabuti;
- Pagtagumpayan ang mga hadlang sa kultura at lingguwistika;
- Pagtiyak ng programa sa pakikipag-ugnayan ng magulang at pamilya (PFE) na nakatuon sa kalalabasan ng mag-aaral.

Mga Priyoridad na Estratehiya ng TEA

Ang diskarte ng TEA sa pagpapalano at pagpapatupad ng Batas sa Pagtatagumpay ng Bawat Mag-aaral (Every Student Succeeds Act, ESSA) ay pinalakas sa pamamagitan ng sadyang pagkonekta nito sa inisyatiba sa estratehikong pagpapalano ng ahensiya at paghahanay ng gawain sa apat na priyoridad na estratehiya ng TEA

Mag-recruit, magsuporta, at magpanatili ng mga guro at punong-guro. Lumilikha ng matibay na pundasyon para sa pagtutulungan sa pakikipagsosyo ng guro at pamilya ang mga pansuporta at positibong ugnayan sa pagitan ng mga guro at pamilya na nailalarawan sa pamamagitan ng paggalang, pagtitiwala, pagsasaalang-alang, pag-unawa, pagkakapantay-pantay, at pagbabahagi ng responsibilidad. Maaaring tumulong ang mga positibong pakikipagsosyong ito sa pagre-recruit at pagpapanatili ng mga de-kalidad na kawani na maaaring magpapabuti sa mga akademikong resulta ng mag-aaral.

- **Bumuo ng pundasyon para sa pagbabasa at matematika.** Nagpapakita ang mga bata ng mga kapansin-pansing pagpapabuti sa pag-aaral at kahandaan sa paaralan kapag nakikibahagi at nakikilahok ang mga pamilya sa kurikulum na nakatuon sa layunin at mga programang nakabatay sa ebidensya na nakatuon sa matematika at pagbabasa.
- **Iugnay ang high school sa career at kolehiyo.** Idinisenyo ang mga programa at landas ng career ng Kahandaan sa Kolehiyo, Career, at Militar (College, Career, and Military Readiness, CCMR) para tulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng matibay na pundasyon ng kaalaman at mga kasanayan sa pag-iisip/na intelektwal na kailangan para sa kolehiyo, pagtatrabaho, at militar. Nakikinabang ang mga mag-aaral kapag nagtutulungan ang mga pamilya at tagaturo sa pagbibigay ng suporta at gabay sa mahahalagang programang ito.

- **Pagbutihin ang mga paaralang mababa ang performance.** Estratehikong isinasama ng diskarte ng Framework ng Epektibong Paaralan ng TEA ang pakikipag-ugnayan ng pamilya bilang mahalagang pagkilos na kailangan para mapabuti ang mga paaralan at palawakin ang magagandang pagpipilian para sa mga mag-aaral at pamilya. Nagkaroon ng mga patuloy na tagumpay sa pag-aaral ng mag-aaral ang mga diskarte sa pagpapabuti ng paaralan na nagpapatupad ng mga de-kalidad na kasanayan sa pakikipag-ugnayan sa pamilya kasabay ng de-kalidad na pagtuturo.

Mga Tungkulin ng Stakeholder

Nakatuon ang TEA sa pagpapahusay ng tagumpay ng mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pangunahing stakeholder para suportahan ang PFE. Ito ang mga tungkuling ginagampanan ng bawat stakeholder:

- Makikipagtulungan ang TEA at magsasaayos ito ng mga pagsisikap sa mga paaralan, magulang, at pinuno ng komunidad para palakasin ang Texas PFE. Magbibigay ang TEA ng pamumuno, naaangkop na pagpopondo, propesyonal na pag-unlad, mga tool sa pagsasanay at mga mapagkukunan para sa patuloy na suporta para sa lahat ng pederal na programa ng PFE sa buong estado.
- Magbibigay ng input at payo ang Konseho sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya ng Texas sa estado at lokal na mga gumagawa ng patakaran, patnubay sa nilalaman para sa pagsasanay na inisyatiba at propesyonal na pag-unlad, at magiging boses ito ng magulang para tukuyin at pagtibayin ang pinakamahuhusay na kasanayan.
- Makikipagtulungan at makikipag-ugnayan sa TEA at Konseho ng Texas ang mga inisyatiba ng buong estado para tukuyin at isapubliko ang pinakamahuhusay na kasanayan, magdisenyo ng pagsasanay sa buong estado at propesyonal na pag-unlad, bumuo ng patnubay at mapagkukunan sa buong estado para sa mga ESC, LEA, at mga campus at magbibigay ang mga ito ng mga virtual na pagpupulong at pagsasanay sa buong taon para tumulong sa mga programa sa pakikipag-ugnayan ng magulang at pamilya.
- Magsasagawa ang mga ESC ng pagsasanay na idinisenyo sa inisyatiba at propesyonal na pagpapaunlad para sa mga LEA, magbibigay ang mga ito ng patuloy na suporta at teknikal na tulong sa mga LEA sa pagpapatupad ng pakikipag-ugnayan ng magulang at pamilya, at magpapalaganap ang mga ito ng patnubay at mapagkukunan sa buong estado sa pakikipag-ugnayan ng magulang at pamilya sa mga LEA kabilang ang mga makabagong ideya para suportahan ang mga panlalawigan at maliliit na paaralan.
- Lilikha ang mga LEA ng positibong klima sa paaralan para sa PFE, kabilang ang makabuluhang pakikilahok ng mga magulang at miyembro ng pamilya sa pagtupad sa mga kinakailangan ng Seksyon 1116 ng ESSA, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - ◇ Pagbuo ng kapasidad ng mga magulang, pamilya, komunidad, at tagaturo na magtulungan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga magkatumbas na ugnayan sa pamamagitan ng pag-uusap at pagbabahagi ng responsibilidad sa pagpapalano at paggawa ng desisyon at pagbuo ng patakaran.
 - ◇ Regular na pakikipag-usap sa mga pamilya tungkol sa performance ng kanilang anak, kabilang ang paghahanda ng kanilang anak sa kolehiyo, career, o militar.

Pagsusulong para sa mga mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng paghikayat at pagsuporta sa paglikha ng mga proseso na nagpapahintulot sa mga magulang at pamilya na magtanong, lutasin ang mga problema, at tumanggap ng impormasyon at mga mapagkukunang angkop sa kanilang mga pangangailangan para suportahan ang kanilang mga mag-aaral.



PLANO NG ESTADO NG TEXAS SA PEDERAL NA PROGRAMA SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG MGA MAGULANG AT PAMILYA (PARENTS AND FAMILY ENGAGEMENT , PFE)

Bisyon sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya ng Estado

Para isulong ang tagumpay ng mag-aaral, ang Mga Lokal na Ahensiya sa Edukasyon (Local Education Agency, LEA), na may tulong mula sa TEA at Mga Sentro ng Serbisyong Pang-edukasyon (Education Service Center, ESC), ay ihanap ang misyon, mga layunin at pinahahalagahan at gagamitin ang mga available na mapagkukunan para makisali, magbigay ng lakas, at suportahan ang mga pamilya sa lahat ng antas ng pinagmulan habang natututo silang i-navigate ang sistema ng edukasyon. Nangangailangan ang isang positibong kultura ng paaralan ng maagap at mapagtugon na mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral at kinabibilangan ito ng mga pamilya at komunidad.

Kahulugan ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya ng Estado

Nagtutulong ang mga pamilya, miyembro ng komunidad, at tagaturo sa isang pantay at magalang na pakikipagtulungan para lumikha at magbigay ng mabisang suporta sa buong sistema para sa pag-aaral at pag-unlad ng mag-aaral mula sa maagang pagkabata hanggang sa kolehiyo, career, o militar.

Mga Tungkulin ng Stakeholder

Mga priyoridad na estratehiya

Mga Panggabay na Prinsipyo

TEA Texas Education Agency
Nagbibigay ng pamumuno at pagpopondo para sa PFE sa Texas.

FCPFE Konseho ng Texas sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya.
Ang boses para sa mga magulang na nagbibigay ng input sa mga gumagawa ng patakaran.

Mga Inisyatiba sa Buong Estado
Kinikilala ang pinakamahuhusay na kasanayan ng PFE, nagdidisenyo ng pagsasanay, at nagbibigay ng gabay at mapagkukunan.

Mga Sentro ng Serbisyong Pang-edukasyon (Educational Service Centers, ESC)
Nagbibigay ng mga pagsasanay, gabay, at mapagkukunan ng PFE sa mga LEA.

Lokal na Ahensiya sa Edukasyon (Local Education Agency, LEA)
Aktibong isinusulong ang PFE sa mga antas ng distrito at campus.

Mag-recruit, magsuporta, at magpanatili ng mga guro at punong-guro

Himukin ang mga magulang sa pagbuo ng mga pundasyon sa pagbabasa at matematika sa kaisipan ng kanilang mga anak.

lugnay ang high school sa kolehiyo at career

Pagbutihin ang mga paaralang mababa ang performance.

Pagbuo ng kakayahan ng mga magulang, pamilya, tagaturo, at komunidad.

Pagpapanatili ng komunikasyon sa pagitan ng paaralan at tahanan.

Pagbuo ng mga ugnayan sa mga magulang at pamilya.

Paglikha ng mga proseso para sa patuloy na pagpapabuti.

Pagtagumpayan ang mga hadlang sa kultura at lingguwistika.

Isang programa ng PFE na nakatuon sa resulta ng mag-aaral.

©2022. Texas Education Agency. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Mga Nanalo sa Mga Maaasahang Kasanayan sa 2022

Bawat taon, tumatanggap ang Inisyatiba sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya sa Buong Estado ng mga aplikasyon mula sa mga distrito at/o paaralan na nagpapatupad ng mga kasanayan na nagbubunga ng mataas na pakikipag-ugnayan ng at pagbibigay-lakas sa magulang at pamilya. Sa taong ito, maraming kamangha-manghang aplikasyon, kabilang ang ilan na inaasahan naming ilapat muli sa susunod na taon kapag nakolekta na nila ang data sa kasanayan. Ngayong taon, napili ang mga sumusunod na paaralan bilang mga nanalo ng aming Mga Maasahang Kasanayan.

PINK ELEMENTARY—Proyektong LEARN

Ano ang layunin ng kasanayang ito?

Umiiral ang proyektong LEARN para tulungan ang mga batang nasa panganib na maging matagumpay at para magbigay ng edukasyon at paghihikayat sa kanilang mga magulang na maging mga kasosyo pati na rin ang mga matatag at may kaalamang tagapagtaguyod sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Paano natukoy bilang pangangailangan ang kasanayan?

Natukoy ang kasanayan bilang isang pangangailangan dahil hiniling ng mga magulang ang serbisyong ito. Naging aktibo ang mga pinuno ng distrito sa pagbibigay ng katarungan para sa lahat ng stakeholder sa survey ng Lamar CISD Titulo I at Plano sa Pagpapabuti ng Distrito.



NACOGDOCHES ISD —Mga Aktibidad sa Susunod na Antas

Ano ang layunin ng kasanayang ito?

Layunin ng kasanayang ito ang pataasin ang pakikilahok ng, pakikipag-ugnayan ng at pagbibigay-lakas sa magulang, pamilya at komunidad sa pamamagitan ng pagtataguyod ng epektibong serbisyo sa customer at komunikasyon alinsunod sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at magulang.

Paano natukoy bilang pangangailangan ang kasanayan?

Mga pangangailangang natukoy namin mula sa iba't ibang mapagkukunan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga survey sa papel, online na survey, pagpupulong sa komunidad, pagpupulong ng komite, pakikipag-usap sa mga magulang para magtanong tungkol sa kanilang mga pangangailangan, pagtingin sa bisa ng aming mga kasalukuyang kasanayan at pakikilahok at pakikipag-ugnayan ng magulang sa mga kaganapan. Tiniyak ng team ng paaralan na nagbibigay sila ng boses sa mga magulang para matukoy ang kanilang mga pangangailangan.



WALLER ISD —Programang Smart Money

Ano ang layunin ng kasanayang ito?

Layunin ng kasanayang ito ang magbigay sa mga mag-aaral at pamilya ng mga karanasan sa pag-aaral na nagtuturo sa mga mag-aaral kung paano bumuo ng negosyo at mag-market ng produkto, habang nakakakuha ng kaalaman na kinakailangan sa pamamagitan ng proseso ng pagbili, pagbebenta, paggastos at pag-iipon.

Paano natukoy bilang pangangailangan ang kasanayan?

Isang patuloy na layunin ng paglago ang Pagpapabuti ng Mag-aaral sa matematika bilang ebidensya sa Lokal na Plano ng Distrito. Isang diskarteng ginagamit ng LEA para tumuon sa mga pangangailangan ng distrito, na partikular na nauugnay sa kaalaman sa pananalapi, ang pagkonekta ng mga konsepto ng Matematika na natutuhan sa silid-aralan sa mga totoong sitwasyon sa buhay sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga praktikal na karanasan.



PAMPA ISD —Pagbalik sa Paaralan

Ano ang layunin ng kasanayang ito?

Layunin ng kasanayan ang magbigay ng access sa mga kinakailangang supply at mapagkukunan para sa mga mag-aaral at pamilya para simulan ang taon ng pag-aaral nang matagumpay. Bukod pa rito, ang isa pang layunin ay ang pagbuo ng malusog na ugnayan sa mga pamilya mula pa sa simula ng paglalakbay sa edukasyon ng kanilang mag-aaral.

Paano natukoy bilang pangangailangan ang kasanayan?

Kasunod ng pandemyang Covid 19, nakaranas ng kawalan ng trabaho at mga pagbabawas sa suweldo ang mga pamilya ng Pampa ISD, tulad ng maraming iba pang pamilya. Nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng mga serbisyong tulad ng mga gamit sa paaralan, pagpapabakuna, screening para sa kalusugan, at damit. Mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya bago magsimula ang taon ng pag-aaral para mabuo ang pundasyon para sa pagbuo ng malusog na ugnayan sa paaralan at tahanan sa buong taon. Bukod pa rito, nakakatulong ang pagbuo ng mga pakikipagtulungan sa mga negosyo, organisasyong sibiko at simbahan sa pagbuo ng mga tulay at makapagbigay ng mas malaking pagkakataon at mapagkukunan para sa mga mag-aaral at pamilya.



Ipapakita ng lahat ng 4 na nanalo sa Mga Maaasahang Kasanayan ang kanilang mga ipinatupad na kasanayan sa aming Live na Expo sa Mga Pinakamahusay na Kasanayan sa Pebrero 28-Marso 1 sa McAllen. Impormasyon at Pagpaparehistro dito: <https://esc16expolive.com>

Sulok ng Magulang



Kung ang paaralang pinapasukan ng iyong anak ay isang Titulo I, Bahagi A na paaralang tumatanggap ng Titulo I, Bahagi A na pagpopondo ng ESSA, mayroon kang ilang karapatan bilang magulang. Kinabibilangan ang ilang nauugnay sa mga buwan ng taglamig ang:

- Ayon sa seksyon 1111 (h)(1)(B) at (h)(2)(B) ng ESSA, dapat isiwalat sa publiko ang Taunang Pederal na Mga Card ng Ulat ng Estado, gayundin ang Taunang Mga Card ng Ulat ng Lokal na Ahensiyang Pang-edukasyon. Karaniwang inilalabas ang mga ulat na ito sa Disyembre, at makikita ang mga ito sa website ng TEA [dito](#).
- May pagkakataong dumalo ang mga pinuno ng iyong paaralan sa Pambansang Kumperesnsya sa ESEA sa Pebrero para matuto ng mga paraan para matugunan ang mga pangangailangan ng mga nadidisbentahang mag-aaral.
- Ayon sa seksyon 1112 (e)(1)(B) ng ESSA, dapat magbigay ng nakasulat na abiso ng pagtatalaga sa isang magulang o tagapag-alaga ng bawat mag-aaral sa silid-aralan ang isang distrito ng paaralan na nagtatalaga ng hindi naaangkop na sertipikado o hindi sertipikadong guro sa parehong silid-aralan nang higit sa 4 na magkakasunod na linggo sa parehong taon ng pag-aaral.
- Ayon sa seksyon 1116 ng ESSA, ang bawat paaralan at lokal na ahensiyang pang-edukasyon ay dapat:
 - magbigay ng tulong sa mga magulang sa pag-unawa sa mga mapaghamong pamantayan ng Estado, pagtatasa ng Estado at lokal na pamahalaan, at kung paano susubaybayan ang pag-unlad ng isang bata (e)(1).
 - magbigay ng mga materyales at pagsasanay para matulungan ang mga magulang na makipagtulungan sa kanilang mga anak para mapabuti ang tagumpay ng kanilang mga anak (e)(2).
 - turuan ang mga guro, dalubhasang tauhan ng suporta sa pagtuturo, punong-guro, at iba pang pinuno ng paaralan, at iba pang miyembro ng kawani, sa tulong ng mga magulang, hinggil sa kahalagahan at paggamit ng mga kontribusyon ng mga magulang (e)(3).

Para sa anumang tanong o alalahanin tungkol sa alinman sa mga nasa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan o lokal na ahensiyang pang-edukasyon.

Ang Parent and Family Engagement Connection (Koneksiyon ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya) ay naka-post sa aming website apat na beses sa isang taon para sa mga magulang at tagaturo sa Texas. Available ang newsletter na ito sa Espanyol, Vietnamese, German, Tagalog, Korean, at na-publish din ito sa SMORE.

<u>PATNUGOT</u>	<u>ADMINISTRASYON</u>	<u>AHENSIYA SA EDUKASYON NG TEXAS</u>
Shannon Lang, Tagapag-ugnay Título I, Bahagi A Inisyatiba sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya sa Buong Estado	Dr. Tanya Larkin, Punong Tagapagpaganap Rehiyon 16 ng Sentro ng Serbisyong Pang-edukasyon www.esc16.net	Cory Green, Associate Commissioner Departamento ng Pangasiwaan ng Mga Kontrata, Gawad at Pananalapi www.tea.texas.gov

Bibliograpiya

Amarillo ISD. (n.d.). Nakuha mula sa Amarillo ISD.
Magnolia High School. (n.d.). Nakuha mula sa Magnolia ISD.
Departamento ng Edukasyon ng U.S. (2015, Disyembre 10). Batas sa Pagtatagumpay ng Bawat Mag-aaral (ESSA). Pamahalaan ng USA (n.d.).